# Modyul 16
## Pagsusuri ng Akda sa Teoryang Realismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Sa mga modyul na sadyang inihanda para sa iyo, alam ko na marami ka nang natutuhang aralin. Batid ko rin na pinagsisikapan mong mabuti na masagot ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon, tiyak na magugustuhan mong basahin ang isang bahagi ng nobela.

Mayroon ka na bang narinig, nabasa o nasaksihan na kuwento tungkol sa isang taong nagpaubaya sa sarili bunga ng kawalan na ng pag-asa.

Katarungan ang nais niya. Nais niyang mabigyan ng katarungan ang sinapit niya sa pambubugbog sa kanya. Nais niyang maghiganti ngunit di niya magawa. Kaya sa takot, halos lahat ng bagay ay kinatakutan at sa alak na lang humanap ng katahimikan. Ito ang maikling synopsis ng iyong babasahin. Ang bahagi ng nobelang iyong babasahin ay pinamagatang "Ang Paghuhukom" na isang nobelang Thai na isinalin ni Lualhati Bautista. Maiibigan mo ito sapagkat may nasaksihan, nabasa o narinig ka na ganito ang takbo ng buhay. Bakit kaya "Ang Paghuhukom" ang pamagat ng nobela? Iyan ang iyong tutuklasin.

Ang iyong kaalaman sa pagsusuri—panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang mahahasa sa araling ito. Ang dati mong kaalaman ay maiuugnay mo sa kaalamang iyong matututuhan. Kasama na rin dito ang mga paghahanguan ng iyong kasagutan.

Tutulungan kang muli ng aking mga inihandang gawain. Alam kong makakaya mong sagutin ang mga ito. Handa ka na ba? Simulan mo na.



## Ano ang matututunan mo?

Naipahahayag ang sariling saloobin batay sa mga pangyayaring napapaloob sa akda

## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Tutulungan ka ng modyul na ito. Higit na magiging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga panuto o tuntunin sa paggamit nito. Ito'y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang Panimulang Pagsusulit sa bahaging "Ano ba ang Alam Mo?" Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

2. Iwasto mo ang mga sagot.. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Kung marami kang mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan kang linawin ito habang tinatalakay ang ibang gawain.

3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawin.

4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit sa aralin at ganon din ang pagsubok sa kabuuan. Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

5. Huwag mong sulatan at ingatang huwag masira ang modyul na ito.

## Ano ba ang alam mo?

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Tila <u>tinik sa lalamunan</u> ni Fak naisip na paghihiganti. Nangangahulugan ang may salungguhit ng:
    a. hadlang
    b. may tinik sa lalamunan
    c. barado
    d. nakaharang

2. Dahil sa labis na pagkatakot at pag-aalala, halos <u>naliligo sa pawis</u> ang kaawa-awang si Fak. Ang kahulugan ng may salungguhit ay-

a. naligo ng pawis
b. basa ng pawis
c. pinagpapawisam
d. pawis na pawis

3. Nag-umpisang <u>mahawi sa labi</u> ng balana ang malagim na pangyayari.
    a. nawala sa bibig
    b. natanggal sa labi
    c. di na pinag-usapan
    d. nakatuon sa usapan

Piliin mo ang titik na angkop sa kadalasang kilos at gawi ng taong -

4. lasing na lasing
    a. nawawala sa sarili
    b. malakas uminom
    c. sigaw nang sigaw
    d. tahimik

5. naalis sa trabaho
    a. naghihinagpis
    b. lungkot na lungkot
    c. nahihiya
    d. tinatamad

6. nilalayuan ng balana
    a. nahihiya
    b. nag-iisip
    c. binabalewala
    d. natutuwa

7-9. Alin-alin ang mga tumutugon sa realidad ng buhay. Piliin mo ang titik na angkop sa tinuran

a. nanlilimos dahil walang makain
b. natanggal sa trabaho kaya naglalasing
c. nagmahal nang labis
d. nagtiis ngunit di nakayanan

10. "Nawalan na ng pag-asa ang biktima sa kawalan ng hustisya." Ang biktima ay –

a. naapi
b. di nabigyan ng hustisya
c. natalo sa usapin
d. patas na batas

Nasagot mo ba ang mga katanungan sa panimulang gawain? Ikaw ang magwawasto nito. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

# ARALIN: Ang Paghuhukom

***Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?***

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pahayag

2. Nakapag-uugnay ng mga karanasang napapaloob sa akda sa mga katotohanan sa buhay

3. Nasusuri ang mga pangyayaring nagpapakita ng pagsasanib ng teoryang realismo


4. a. Nailalahad ang sariling saloobin sa mga kaisipan, pangyayari, paniniwalang inilahad sa akda
   b. Naitatala ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayari

5. Nakasusulat ng mga sitwasyong nagpapakita sa realidad sa buhay



## Mga Gawain sa Pagkatuto

1. **Alamin mo…**
   Panuto: Sa larawan ng babaeng nakapiring at may hawak na timbangan ibabase ang mga kasagutan sa sumusunod na tanong na matatagpuan sa kasunod na pahina.



Pagsusuri sa larawan

1. Ano ang nakikita mo sa larawan?
2. Bakit may piring ang mata ng babae?
3. Ano ang sinasagisag ng timbangan?

Kayang-kaya mo bang sagutan ang mga gawain? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong ginawa.

**2. Basahin mo…**

Mahilig ka bang magbasa ng mga nobela? Isa itong magandang libangan, di ba? Bukod sa nakatutulong ito upang lumawak ang iyong kaalaman marami ka pang matututuhan tungkol sa buhay. Napatawa ka na ba o kaya'y napaiyak ng isang kuwentong iyong binasa?

Babasa ka ngayon ng isang bahagi ng nobela na sa palagay ko ay maiibigan mo. Unawain mo itong mabuti. Maligayang pagbabasa!

**ANG PAGHUHUKOM**
**(Bahagi ng Nobela)**
**Isinalin ni Lualhati Bautista**

Ang panahon ng tag-ulan, nang malamig at preskong panahon na tumutulong sa mga puno para magsibol ng mga bagong dahon at humuhugas sa mga karumihan, ay hindi pa natatapos.

Pagtuloy sa pagdating ang mga araw at gabi, kahit sa anong panahon…

Ang pagdaraan ng mga araw at gabi ay hindi na makapagsasauli sa apat na ngiping nawawala sa bibig ni Fak, katulad ding hindi na mapipigil ang kamay ni Fak sa pag-abot sa bote ng alak at pagdadala roon sa kanyang bibig. Kaya ang dumaraang mga araw at gabi ay sumaksi sa walang humpay na pag-inom ni Fak sa mga oras na siya'y gising.

Ang pambubugbog na tinanggap ni Fak ng gabing iyon ay hindi lang nag-iwan ng sakit sa kanyang katawan kundi nag-iwan din ng tatak sa kanyang isipan.

Sa loob ay nakadama siya ng galit at pangangailangang makapaghiganti, at nag-iisip pa nga ng paraan kung paano niya bubuweltahan ang mga nanakit sa kanya. Natatandaan niya nang malinaw na dalawa sa tatlong taong sumalakay sa kanya ng gabing iyon ay sina Thid Tieng at Tid Song. Kailangang makahanap siya ng paraan para ipatikim sa dalawang taong iyon ang sakit at kirot na dinaranas niya. Gusto niyang puntahan ang mga ito sa bahay nila at suntukin sa mukha o magdala ng kutsilyo at saksakin sila hanggang sa magmakaawa ang mga ito na huwag niyang patayin. Paminsan-minsan, napapanaginipan niya na nakaupo daw siya sa dibdib ni Thid Tieng at walang humpay na pinagsusuntok ito at paggising niya, ramdam niya'y nagawa talaga ang nagawa niya sa panaginip at umahon ang kasiyahan sa loob.

Gayunman, sa pagdaraan ng mga araw, naglubag ang kagustuhan niyang makapaghiganti at unti-unti ay mabagal silang napawi ng tuluyan. Marahil ay hindi si Fak ang likas na ganoong tipo ng tao. Isa siyang tao na ang gusto'y kapayapaan, na takot makipag-away at walang sapat na kalupitan para pumatay. Naisip niyang ireport sa pulisya ang nangyari pero natatakot naman na balikan siya at salakaying muli ng pamilya ng dalawa, at hindi na matatapos agad ang gulo. Nang iwan na siyang lubos ng hangarin niyang makapaghiganti, naisip na lang niya: "Kalimutan mo na iyon!"

Minsa'y ang sarili pa nga ang sinisisi niya sa pagsasabing hindi niya dapat pinukol ng niyog ang bata.

Gayunman ay naiwan nang wasak ang kanyang isip, tulad ng isang piraso ng salamin na binasag at paulit-ulit na dinurog. Lahat ng nangyari'y lumikha ng ganap na pagbabago kay Fak, at kahit nagawa niyang hamigin ang sarili'y hindi na siya magiging tulad pa rin ng dati, at mahabang-mahabang panahon bago niya maibalik ang sarili sa normal.

Ang buhay niya'y kontrolado ng takot, hindi na siya makapangahas na lumabas ng bahay niya sa gabi at hindi na kailanman nagtungo sa bahay ni Lung Khai, maliban na lang sa kalagitnaan ng araw o sa araw ng Sabado't Linggo. Tuwing makakarinig siya ng kaluskos ng taong lumalakad sa kanyang likuran, itutulak siya ng takot na lumingon at tumingin. Minsa'y wala namang kahit ano doon. Kung naglalakad siya nang wala sa loob at narinig niya ang ihip ng hangin sa mga puno, lulundag sa takot ang puso niya at bibilis ang kanyang kaba. Wala siyang magagawa kundi mapako sa kinatatayuan at pawisan. Sobra ang kanyang nerbiyos na minsa'y di niya mapaghiwalay ang realidad ng nangyari sa kanyang mga takot at panaginip.

Natakot siya sa dilim, natakot sa malalakas na ingay at sa mga ingay na nagpapaalala sa kanya sa mga tunog na naririnig niya nang gabing iyon, at antimanong sumayad ang takipsilim ay mabilis niyang aabutin ang bote para uminom hanggang sa makatulog…

Ang balita ng pambubugbog kay Fak ay agad-agad na kumalat sa nayon at hindi nagtagal ay iyon na lang ang nasa labi ng mga tao, at sa ayos ay wala na iyong katapusan. Gayunman, walang bumabanggit ng tungkol sa mga taong may kagagawan ng pagkalagas ng mga ngipin ni Fak at walang nag-abalang mag-imbestiga o magsampa ng reklamo laban sa mga taong sumalakay sa kanya. Nag-ipun-ipon ang mga tao sa nayon para pag-usapan ang nangyari ng gabing iyon.

Isang grupo ng mga tao ang nag-usap tungkol sa iba't ibang dahilan na humangga sa pangyayari at lahat sila'y nagkaisa na inabot ni Fak ang dapat sa kanya. Bagama't sila'y walang aktibong kinalaman sa usapin, naisip din nila iyon at ngayo'y pinag-uusapan nila iyon nang may kasiyahan…

"Sayang at hindi na siya namatay."

"Mabuti nga sa kanya."

"Mas kasalanan pang pumatay ng aso kaysa pumatay ng isang kagaya niya."

"Ang pesteng gaya ng isang 'yon! Bakit kailangang maawa sa kanya ang kahit sino?"

May iba pa, na siyang nakararami, na hindi interesado sa nangyari kay Fak. Nabubuhay sila nang walang pakialam at hindi sila nag-aabala sa problema ng iba. Kapag nababanggit ang nangyari, nakikinig sila nang walang interes at hindi nagsasabi ng anumang opinyon. Wala silang ipinakikitang awa o simpatya kay Fak kaugnay ng mga nangyayari at wala silang hangaring mapasangkot. Iisang bagay lang ang laman ng isip ng grupo ng mga taong ito…

"Wala akong pakialam."

…May isa pang grupo ng tao na may makataong pakiramdam at nakakadama ng awa sa taong pinagsamantalahan o naging biktima ng pang-aapi. Pero sa nayong ito ay hindi marami niyon. Ilan sa kanila'y lihim na naaawa kay Fak sa pagkakabugbog dito, bagama't hindi pa nila tinatanggap ang katotohanan na hindi nito inaasawa ang sarili niyang madrasta. Para sa mga taong iyon, magkaibang bagay ang dalawang istorya. Gayunman, wala sa kanilang may lakas ng loob para tumulong kay Fak. Natatakot sila na sila mismo'y maging sentro ng mga tingin ng mga tao. Kaya kinimkim na lang nila ang kanilang awa sa kanilang sarili at tahimik na ipinasya na hindi dapat ginawa ng mga sumalakay kay Fak ang ginawa nila.

Sa grupo ng mga taong ito, si Saproe Khai lang ang nangahas na magbaba ng sarili at tumulong kay Fak. May mga gabing pumupunta siya sa bahay nito para tumulong sa pag-aalaga dito at gamutin ang mga tinamo nitong sugat, tulad sa isang ama na nagmamalasakit sa kanyang anak…

"Ay… sobra talaga ang ginawa nila ngayon sa 'yo, ano?"

Ito ang unang sinabi niya nang makita niya si Fak kinabukasan ng gabing iyon. Hindi sumagot si Fak, ngumiti lang, isang bunging ngiti. Marahil ay dahil masyadong masakit ang bibig niya kaya ayaw niyang magsalita, at isa pa, wala siyang masasabi, kundi ngumiti…

Lahat ng naganap ng gabing iyon ay naging dahilan para lalo pang magkulong sa sarili niya si Fak hanggang sa maging mas tahimik pa siya sa dati, na tulad ng isang pipi…

May sapat na ideya si Mai Somsong sa nangyari kay Fak. Nagawa niyang hulaan sa pamamagitan ng mga pasa, ng mga hiwa at sugat na madali namang makita. Kaya hindi niya iniwasang sumunod sa mga ipinag-uutos ni Fak na tulad ng pagsasaing o pagbili ng alak, at sinikap din niyang huwag gaanong lumapit at abalahin ito, maliban sa kalaliman ng gabi, kapag nakatulog na si Fak sa kalasingan, ikakabit na niya ang kanyang kulambo at maghihintay siyang nakabantay. Kapag hindi na ito bumibiling o kumikilos, gagapang na siya sa loob ng kulambo nito…

Patuloy nang ginagampanan ni Fak ang tungkulin niya bilang dyanitor ng eskwela hanggang sa katapusan ng buwan (Agosto), at nang matanggap niya ang huling suweldo niya, itinabi niya iyon ng buo at hindi bumawas ng kaunti man para iwan sa prinsipal dahil naisip niya na ganitong wala na siyang pagkukunan ng suweldo na makukunan niya ng maitatabi, ang mangyayari na lang ay magwiwidro siya sa prinsipal. Kailangan niyang tipirin ngayon ang pera niya at bawasan ang paggasta sa mga bagay na di kailangan, at ang mga bagay na hindi kailangan kay Fak ay ang tatlong beses na pagkain araw-araw. Hindi niya kailangang alalahaning masyado ang tungkol sa pagkain dahil alam niya na makakakuha siya lagi sa templo ng sapat para ibusog sa sarili kahit isa, kundi man tatlong kainan isang araw. Mas nag-aalala siya kay Mai Somsong na hindi makakakain nang sapat araw-araw.

Kalagitnaan ng Setyembre…

Ang istorya tungkol kay Fak ay nag-umpisang mahawi sa labi ng bawat isa at hindi nagtagal ay hindi na iyon pinag-uusapan ng mga tao. Ang tanging bagay na lang na interesadong pag-usapan ng mga tao ngayon ay ang elekrisidad na ikinakabit na sa nayon. Kahit hindi sa ano pa man, maski paano'y nakatulong iyon para mamatay ang usapan tungkol kay Fak at sa kanyang madrasta…

Lahat ng tao sa nayon ay pursigidong makatulong sa mga trabahador sa paglalagay sa lugar sa mga kongkretong poste para mas mabilis na matapos ang trabaho. Nakahanda silang lahat na magsakripisyo ng lakas at salapi para sa kapakanan ng kumportableng kinabukasan at modernisasyon ng nayon.

May mga taong nangangarap nang makapag-ari ng telebisyon, refrigerator, o bentilador. Hindi na nila alalahanin ngayon ang pagsisindi ng gasera na hindi pa makapagbigay ng sapat na liwanag para ilawan ang kanilang paligid. Hindi magtatagal at sa halip ay magkakaroon sila ng mahahabang tubo ng flourescent para magbigay-liwanag sa kanilang tahanan. Magagawa niyong ilawan ang buong bahay, at sa kalaliman ng gabi, kung kailangan nilang magpunta sa banyo, hindi nila kailangang mag-abala pa na magsindi ng gasera at magbitbit niyon papunta sa labas. Wala silang dapat gawin kundi pindutin ang bukasan at ang buong bahay ay magliliwanag at iglap na matataboy ang kadiliman sa banyo. At pagdating naman sa pagpaplantsa ng mga damit, hindi na nila kailangang magpabaga pa ng uling sa mabigat na plantsang bakal na gaya ng ginagawa nila ngayon. Hindi na sila mamumutol ng mga dahon ng saging para ilagay sa plantsa at hindi na nila kailangang tiisin ang nakayayamot na ingay ng nasusunog na dahon. Hindi na sila magbubuhat ng mabigat na plantsa at maliligo sa pawis bago matapos ang pamamalantsa nila. Sa pamamagitan ng bagong plantsa, wala silang tanging dapat gawin kundi isaksak ito at hintaying mag-init at, gayundin, magiging singgaan lang iyon ng pag-aangat sa isang balahibo. Nagkuwentuhan at nag-usap-usap ang mga tao tungkol sa pagsasaing at pagluluto ng isda, at wika nila'y hindi na sila maniningkayad ngayon sa harap ng apoy sa loob ng kalahating oras o higit pa, na mawawala ngayon ang kanilang pag-aalala na baka masunog o lumata ang sinaing, na hindi na sila mag-aaksaya ng oras at magagamit pa nila sa ibang gawain. Sa bagong dekoryenteng rice cooker, wala silang gagawin kundi isaksak iyon, i-set ang orasan at iwan na, at pag handa na ang kanin, bahala na iyong kusang mamatay. Hindi na sila ngayon mauupo sa harap ng mainit na kalan, nagbabantay at nagpapaypay ng apoy, naggagatong ng kahoy, etsetera. Pag mayroon na silang refrigerator, makakagawa na sila ng sarili nilang yelo at magkakaroon ng malamig na tubig na pamatid-uhaw kahit kailan nila gusto. Makakapag-imbak sila ng gulay at karne at magkakaroon ng sariwang pagkain sa lahat ng oras. Hindi na sila mag-iimbak ng pagkain sa palayok para mawala lang ang lasa ng baka o baboy na tulad ng kaso ngayon…

Ang mga bagay na ito ang mga pangarap at usapan ng buong nayon…

Hindi nagtagal at lahat ng iyon ay naging katotohanan at ang buong nayon ay nagliwanag…

Hindi natutuwa si Fak tungkol sa pagkakakabit ng koryente at wala siyang nadaramang inggit o panibugho sa iba. Lahat ng mga oras na gising siya'y nauubos sa bote ng alak at ngayong wala na siyang responsibilidad ng pagtatrabaho, ganap nang malaya ang lahat ng araw niya. Hindi… Hindi ginamit ni Fak ang mga libreng oras niya sa paghuhukay o pagtulong sa pagtitindig ng mga poste ng ilaw gaya ding hindi niya ginamit ang mga libreng oras niya para magpunta sa kabayanan at tumingin ng mga de-koryenteng gamit na tulad ng ginagawa ng iba.

At hindi siya nakadama ng bugso ng tuwa at nagtatakbo para mag-usyoso nang makita niya ang mga taong may dalang bentilador, rice cooker, o iba pang de-koryenteng gamit mula sa mini-bus ni Ai Kleeio na kararating lang mula sa kabayanan. Karamihan sa mga de-koryenteng gamit ay aalisin sa kahon at ididispley sa tindahan ni Pa Chua at maiipon ang pulutong ng mga tao para mag-usyoso, at alam ng lahat kung sino ang bumili ng ano. Paminsan-minsan, ang delivery van ng tindahan ng mga de-koryenteng gamit mula sa bayan ay maghahatid ng mga refrigerator at telebisyon, o kaya'y darating ang tauhang magkakabit ng antenna ng t.v. Ito'y lagi ng tumatawag ng malaking interes at magkukulumpon ang mga tao para mag-usyoso. Sa bawat pagkakataon na idineliber ang isang gamit sa bahay ng isang tao, isang prusisyon ng mga tao ang susunod sa sasakyan at manonood sa ginagawa. Kung set ng telebisyon, mananatili roon ang mga tao hanggang sa lumitaw ang palabas sa screen. "Hindi kasinglinaw ang palabas sa telebisyon na bigay ng prinsipal, pero mas maganda ang set kaysa sa bahay ng Kamnan," kanya-kanya silang sabi ng opinyon depende sa sarili nilang palagay.

Hindi interesado si Fak alinman dito at hindi kailanman nakisali sa prusisyon ng mga tagasunod. Nasiyahan na lang siya na hindi na siya gaanong pinapansin ng mga tao na gaya ng dati.

Ginagamit pa rin niya ang kanyang maliit na ilawang-langis para ilawan ang kanyang bahay at nanatiling kuntento sa kanyang lumang lutuan ng kanin at bumabagsak ng kalan, at ang hanging umiihip sa loob ng kubo niya ay sapat na para siya mapreskuhan. Natitighaw pa rin ang kanyang pagkauhaw ng tubig-ulan na inimbak niya sa bariles sa tabi ng kanyang dampa at maligaya na siyang manatili sa ganitong pamumuhay. Napakatamad niya para matuwa at hindi niya maintindihan kung ano ang nakakatuwa. Walang bagay sa buhay niya na karapat-dapat pagtindigan ng pag-asa at ang tanging bagay na naghahatid sa kanya ng tuwa ay ang pagpunta sa paradahan upang bumili ng alak…

Hindi na nag-aabala si Fak na alagaan ang kanyang sarili. Hinayaan na niyang dumumi ang kanyang katawan at hindi na tumingin pa sa salamin para alamin ang kanyang hitsura. Nag-umpisa siyang mangamoy at nagpatuloy ang pagsama ng hitsura niya sa bawat araw na magdaan. Hindi niya namamalayan ang mga pagbabagong nagaganap sa kanya at hindi niya napapansin ang manilaw-linaw na mantsang lumilitaw sa katawan niya o ang paninilaw ng puti ng kanyang mata.

Ang tanging alam niya ay ang pangyayari na pag hindi siya nakainom agad pagkagising niya, hindi siya magkakaroon ng lakas na harapin ang maghapon. Kahit tangkain niyang angatin ang tabo ng tubig para hilamusan ang kanyang mukha, talagang ni wala siyang lakas para gawin iyon. Manginginig ang kanyang kamay at hindi niya magawang iangat ang kahit ano maliban sa bote ng alak, at tuwing tutungga siya mula sa bote, nadarama niyang bumabalik ang kanyang lakas.

Alam niyang sumasakit ang kanyang gilagid tuwing ngunguya siya ng pagkain, at napansin niyang nag-uumpisang mamanas ang kanyang mga paa, pero katuwiran niya na ito'y bunga ng labis na paglakad niya at iyon naman ay gagaling din.

Kapuri-puri ang asal ni Mai Somsong. Ang buhay niya sa piling ni Fak ay simple lang at hindi palahingi. Nagpatuloy siyang mabuhay sa dating istilo niya at kuntento na ang kayamanang iniipon niya sa kubo ay nadagdagan na at patuloy na nadaragdagan sa bawat araw.

Mga basag na pinggan, mga bunging tasa, may lamat na baso, baong niyog, bulaklak na papel, basyong lata, at iba pa. Itinatabing lahat iyon ni Fak sa kubo nang walang pag-aalala na itapon iyon ni Fak gaya na dati. Hindi lamang nadagdagan pa ang panahon niya para maupo at hangaan ang mga iyon. Araw at gabi ay mauupo siya roon at masuring eeksaminin ang mga ito mula sa paningin ng isang eksperto, sa paraan na sinusuri ng isang propesyunal na kolektor ang halaga ng isang bagay sa kanyang koleksyon.

Kapag nangyari na masyadong natatamad si Fak para intindihin ang pagkain niya, siya mismo ang pupunta at kukuha niyon sa mga batang templo. Minsa'y aalis siyang maraming dala, minsa'y kaunti lang, depende sa kung ano ang ibigay sa kanya ng mga katulong para siya mabuhay. Ang mga gabi niya'y hindi na balisa tulad noong mga araw na hindi siya puwedeng mahiga sa tabi ni Fak at yakapin ito sa kalaliman ng gabi.

Kahit pa kailanma'y hindi ibinili ni Fak ng bagong damit si Nang, hindi iyon problema para sa babae. Maaari pa naman niyang isuot ang kanyang mga lumang damit, sa kabila ng pangyayaring marurumi at punit na ang mga iyon at nalalantad ang isang pirasong hita dito at doon. Walang pumapansin sa kanya. Naliligo pa rin siya araw-araw, nagsusuklay ng kanyang buhok at humuhuni ng kanyang awit pagsayad ng gabi…

Kahit naninirahan silang magkasama sa iisang bubong, ang kanilang buhay ay nasa magkalayong daigdig.

Para kay Mai Somsong, oras na nakakain na siya ng almusal ay lalabas na siya upang maghanap ng kayamanan, minsa'y umaalis siya ng bahay bago pa man magising si Fak. Hahanapin niya ang kanyang kayamanan sa lahat ng sulok na pagdalhan sa kanya ng kanyang mga paa. Minsa'y titindig siya roon at tititig sa mga poste ng komunikasyon na kasalukuyang itinatayo at mangunguha ng mga piraso ng kawad ng koryente at kapag nakalikom na siya ng sapat na dami ng piraso ay babalik na siya sa bahay. Walang pumapansin sa kanya habang pagala-ala siya sa maghapon. Kapag napagod na siya sa kalalakad, magpapahinga siya sa entablado ng maliit na open theater. Kapag nagutom siya, lalabas na siya uli.

Sa gabi, hihintayin niyang makatulog si Fak sa kalasingan. Sa mga huling sandali bago ito maidlip, maririnig niya itong bumubulong-bulong, "Umalis ka dito… layas… kinasusuklaman kita… magpapa-ordina ako. Ibig kong magpa-ordina… ikaw ang dahilan kaya… sige… umalis ka rito." Ganoon lagi gabi-gabi. May mga gabing maririnig din ang kulambo at gagapang sa loob upang matulog sa tabi ni Fak. Pagdating ng umaga, mabilis siyang lalabas bago ito magising…

Malamang ay hindi naiintindihan ang ibig sabihin ni Fak pag sinasabi nito, "Umalis ka… ikaw… umalis ka dito…" Patuloy na nanatili doon si Nang at walang ipinakikitang intensiyon na umalis. O marahil ay iniisip ni Nang na nagsasalita lang ng ganoon si Fak dahil lasing ito kaya hindi niya pinapansin ang pang-aabuso ng lalaki. O maaari din namang dahil wala siyang ideya kung saan siya pupunta. Ang buhay ni Nang ay nakatagpo na ng puwang sa nayong ito at sa ayos at tila dito siya nakatalagang manatili. Sino ang makapagsasabi…

Hindi pumatak ang ulan sa loob ng maraming araw, samakatuwid ay tapos na ang panahon ng tag-ulan. Ang pagkawala ng ulan ay proseso ng kalikasan na hindi mapipigil ninuman o maiiwasang mangyari. Dumaan ito nang matahimik at halos hindi napapansin.

Lahat ng bagong kuti sa templo ay kumpleto na ngayon at ang natitira na lang ay maliit na trabahong magagawa ng mga trabahador. Mga isa-dalawang araw na lang para sila matapos nang husto. Ang komite ng mga sibilyan ay nagdaos ng pulong para itakda ang araw ng pag-aalay ng mga robang Kathin at disidido na maging araw din iyon ng paggunita sa pagkayari ng mga bagong kuti…

Anim na araw pagkaraang matapos ang Pansah, dumating ang grupo ng Kathin sakay ng tren mula sa Bangkok. Napuno ang paligid ng templo sa nangakaparadang sasakyan at pulu-pulutong na mga kabataan mula sa Bangkok na malayang gumala sa lugar. Nakisali sa merit making ceremony sa pagtatanghal ng Kathin. Madaling makilala ang mga taong lokal at mga bisita mula sa siyudad.

Nakisali ang lahat at tumulong nang husto sa isa't isa. Pagkaraang makumpleto ang pang-relihiyong pormalidad at mabilang na ng komite ang mga alay na salapi, isang kinatawan mula sa bangko sa kabayanan ang dumating para kunin ang pera at ligtas na ideposito sa bangko. Bago gumabi ay nag-umpisa nang mag-uwian ang grupo mula sa Bangkok. Ilan sa kanila'y medyo lasing na at nag-uumpisang tumugtog ng mahahabang tambol at cymbals na nauwi sa kantahan at sayawan na nagpasigla sa bawat isa. Natanggap na nila ang kanilang merito, nagliliwanag ang kanilang mga mukha at maaari na silang magsiuwi nang buong kasiyahan.

Nang gabing iyon ay isang pelikula ang ipinalabas sa templo. Ito'y bilang pagdiriwang sa pagkayari ng mga batong kuti at sa presentasyon ng Kathin at, gayundin, para bigyan ang mga taganayon ng pagkakataong makapagpahinga ng maghapong paggawa. Pero ang mga tao'y hindi na kasinsabik na gaya noong mga nakaraan. Sabi ng ilan sa kanila:

"Mas masarap pang mahiga sa bahay at manood ng telebisyon."

Nag-enjoy nang husto si Fak nang araw na iyon. Gumala siya sa nasasakupan ng templo at malayang nakikisalamuha sa lahat. Manaka-naka'y nagpupukol siya ng tingin sa mga kabatang lalaki na nakaupo sa bus at tumutugtog sa mahahabang tambol hanggang sa lumapit na nga siya sa mga ito para makipag-inuman. Nang maging kasinlasing na siya ng mga ito, inimbita siya ng mga itong sumayaw. Bagama't hindi siya dating sumasayaw, sumayaw siya sa tiyempo ng mahabang tambol. Umawit siya at sumayaw nang buong maghapon, wala kahit kaunting pakialam na pinagtitinginan siya ng iba, o kahit katawa-tawa na ang itsura niya.

Ginugol ni Mai Somsong ang maghapon sa paggala nang walang direksiyon sa lahat ng lugar. Suot niya ang paborito niyang blusa na pulang bulaklakin, na ang kulay ay kupas na ngayon, at hindi pa sapat iyon, may mga punit na sa bandang likod. Walang ganap na makapagsasabi kung gaano siya kaligaya, pero naglagay siya ng pulang bulaklak ng gumamela sa likod ng kaliwang tainga niya. Gumala siya't nakisalamuha sa mga babae sa nayon at nang dumating ang oras ng paghahanda ng tanghalian, gumala siya sa kusina at nanood sa preparasyon ng pagkain. Napahiya ang mga babae sa nayon sa pagtanghod niya at tinangka ng mga ito na siya'y ipagtabuyan, pero sabi ng mga kabataang babaing taga-Bangkok ay dapat talaga silang humanap ng pagkaing maibibigay sa kanya. Awang-awa ang mga ito sa kanya kaya walang naglakas-loob na tumanggi. Naglunoy si Mai Somsong sa atensiyong iniukol sa kanya ng mga kabataang babae at punung-puno ng interes na pinanood niya nang kunin ng mga babae ang kanilang tubo ng lipstik at pintahan ang kanilang mga labi pagkatapos kumain. Nagkainteres siyang mabuti sa matingkad na pulang kulay ng lipstik, at itinuro niya iyon at sabi niya, "Bigyan mo ako ng isa." Sa harap ng gimbal ng mga mata ng mga babaing taga-nayon, na

lubhang napahiya sa inasal ni Mai Somsong, isang kabataang babaing taga-Bangkok ang nag-abot kay Nang ng tubo ng lipstik.

"Ay, huwag mong ibigay sa kanya. Medyo luka-luka iyan."

"Di bale. Marami naman ako." Ang kabataang babae, na ang labi'y napipintahan ng pula, ay ngumiti sa kanila ng matamis.

Sinambot ni Mai Somsong ang tubo ng lipstik at nagmamadaling umuwi sa bahay bago iyon bawiin ng taong nagbigay sa kanya. Nang makauwi, namalagi na sa bahay si Nang at ayaw nang lumabas uli.

Nang gabing iyon, sinuman kina Fak o Mai Somsong ay hindi na nanood ng palabas. Si Fak ay natatakot lumabas sa dilim at si Mai Somsong ay natatakot pa rin na kailanganin niyang isauli ang lipstik, kaya hindi nangahas na lumabas…

Ang mga bagong kuti, na nakahilera sa magkabilang gilid ng lupa ng templo, ay napakaganda. Itinayo sila sa tradisyunal na istilong Thai at dalawang palapag ang itaas. Sa gitna ay ang kogedor at ang itaas ay ang bulwagang dasalan. Paglatag ng dilim, ang templo ay naiilawan ng de-koryenteng liwanag.

Regular na naglilitawan ang mga antenna ng telebisyon sa bubong ng mga bahay ng mga taong may kaunting pera. Para sa mga taong nangangarap pa lang ng telebisyon, kailangan nilang pumunta at makinood sa bahay ng kanilang kapitbahay o kaibigan…

Ang modernisasyon na dumating sa nayon, hindi nagtagal ay naging ordinaryong bagay na lang dahil kinasanayan na iyon ng mga tao at ang tuwang naghari noong unang ikinabit ang koryente ay namatay na.

Gusto ng ilan sa kanila'y itaboy nang tuluyan si Fak sa nayon dahil wala namang pakinabang ang sinuman sa pagiging narito nito, liban sa nagagamit nila ito bilang halimbawa kapag tinuturuan nila ang mga bata. Ang tanging bagay na pumigil sa kanila'y si Luang Pho na tumatangging ipagtabuyan si Fak, dahil doon ito nanirahan sa lupa ng templo.

Kasabay ng pagkakaroon ng interes kay Fak, tumitingkad ang pagiging abnormal ng kundisyon ng lalaki. Lalo pang nanilaw ang kanyang balat na para bang pinulbusan niya ang sarili ng *tumeric*, at iba't bang bahagi ng kanyang katawan ang tinubuan ng mga pasa at namumula-namemerdeng mga marka. Ang sakong niya ay lubhang namaga na para bang namemeligro na iyong pumutok, at bagama't ang katawan niya'y patpatin at tuyo, malaki't namamaga ang kanyang tiyan, ang nagbibigay sa kanya ng itsura ng isang buntis na babae. Nag-aalsahan ang mga ugat sa kanyang tiyan, at hindi pa yata sapat iyon, lumaylay at lumaki ang kanyang mga suso na tulad sa isang nagdadalaga. Kinukutya siya ng ilang tao sa pamamagitan ng pagsasabing, "Lumalaki ang suso ni *Ai* Fak at siya ay buntis. Hindi magtatagal at manganganak na iyan." Sabi pa ng iba'y nabuntis siya ni Ee Somsong. Sabi naman ng iba'y napalitan ang kanyang katawan ng katawan ng isang babae dahil inasawa niya ang asawa ng kanyang ama.

"Karma. Nakakarma siya sa harap mismo ng ating mga mata."

Sa nagdaang panahon si Fak ay ginagamit bilang magandang halimbawa ng isang mabuting kabataan sa nayon, pangangaralan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagsasabing, “Bakit hindi kayo tumulad kay Fak?”

At ngayon, si Fak ay minsan pang ginagamit na halimbawa upang ipakita na hindi na kailangang maghintay pa muna ng kamatayan para tanggapin ang resulta ng masasamang gawa o para mahulog sa impyerno. Tumatanggap na siya ng kaparusahan ngayon, dito sa buhay na ito.

“Gawin n’yong halimbawa si *Ai* Fak.”

Hindi ganap na tamang sabihin na si Fak ay lubos na walang silbi sa nayon, dahil, manaka-naka kapag nagloloko ang mga bata o ayaw magpakatino, tatakutin sila ng kanilang mga ina sa pamamagitan ng pagsasabing,

“Pag hindi ka huminto sa kaiiyak, darating si *Ai* Fak para kunin at isama sa kanya.”

Pag narinig na nila ito, hihinto na agad sa pag-iyak ang mga bata at uupo roon nang walang kilos sa matinding takot.

Ilan sa mga batang lalaki na nakakakita ng kasiyahan sa panunudyo at kapilyuhan ang nagsasamantala nang husto sa hitsura ni Fak para magkatuwaan sila. Tutuksuhin nila at tutudyuin si Fak hanggang sa habulin sila nito at sikaping hulihin. Pero walang paraan para mahuli ng mataba at tamad na katawan ni Fak ang mga bata. Pag nanunudyo, ang isisigaw nila,

“*Ai* Fak, lasenggo, pinaghuhubad niya ang asawa niya!”

“*Ai* Fak, lasenggo, pinaghuhubad niya ang asawa niya!” magpapalakpakan ang iba pang mga bata sa paligid at didilaan si Fak at ngingiwian pag dumaan ito sa tapat nila. Oras na nagalit na si Fak at hinabol na sila, magtatakbuhan na ang mga ito at kakalimutan na ang kanilang mga kaibigan. Bahala na ang isa’t isa sa sarili nilang kaligtasan

Tinangka ni *Lung* Khai na patigilin siya sa pag-inom, pero huli na. Hindi titigil si Fak at ni hindi niya iniisip ang posibilidad ng pagtigil. Pinayuhan siya ni *Lung* Khai na pumunta sa kabayanan at magpatingin sa doktor, pero ganito lang ang isasagot ni Fak,

“Ayos lang ako. Wala akong sakit.”

At ayon sa pagkaunawa ni Fak sa salitang “Ayos,” ayos si Fak at magpapatuloy na ganoon, kahit papalapit na ang panahon ng taglamig.

Ang totoo, sa ganang mga taganayon, hindi talaga istorbo ang panahon ng taglamig, dahil ang panahon ay hindi sinlamig ng ibig ipakahulugan niyon. Lumalamig lang nang kaunti ang panahon at nagiging mas maginhawa.

Naibigan mo ba ang isang bahagi ng nobela na iyong binasa? Naramdaman mo rin ba ang emosyong naghari sa pangunahing tauhan sa akda?


Kung binasa at inunawa mong mabuti ang kuwento, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Madali lamang ang mga ito kaya huwag kang mag-alala. Unawain mong mabuti ang mga panuto.

Ang unang gawain ay tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa matatalinghagang pahayag. Makatutulong ang iyong mga nabasa sa pagsagot mo ng unang gawain.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Piliin mo ang titik na taglay ang wastong kahulugan ng matatalinghagang pahayag.




Pagpipilian:

a. naiinitan
b. hadlang
c. di na pinag-uasapan
d. pawis na pawis
e. di na ngumiti

Nabigyan mo ba ng wastong kahulugan ang mga matatalinghagang pahayag? Iwasto mo ito. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

A. Panuto: Suriin mo ang nilalaman ng akda ayon sa sumusunod. Piliin ang titik ng angkop na sagot sa bawat hanay.

| Tauhan | Anyo | Kilos/Gawi | Iniisip | Kalagayan sa lipunan |
|---|---|---|---|---|
| 1. Fak | | | | |
| 2. Mai Somsong | | | | |
| | a. may marumi at punit-punit na suot | a. itinuturing na luka-luka | a. maghiganti sa nambugbog | a. pagala-gala nang walang direksyon |
| | b. kagalang-galang | b. kuntento sa karangyaan | b. gumagala para makaipon ng kayamanan | b. walang isip |
| | c. mataba, marumi at nakatatakot na anyo | c. lasenggo | c. magkaroon ng makabagong gamit | c. kinatatakutan |

Ang mga kaalaman tungkol sa nobela ay makatutulong sa iyo sa pagsusuri pa rin ukol sa mga tauhan.

Pagbuo ng Pagsusuri sa mga tauhan

B. Panuto: Isulat mo ang buod ng akdang binasa sa tulong ng mga kahon ng pangyayari. Piliin mo ang angkop na sagot sa bawat isa. Titik lamang ang isulat

| Pangyayari 1 | Pangyayari 2 | Pangyayari 3 | Pangyayari 4 | Pangyayari 5 |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

Mga pagpipiliang sagot:

a. Dahil sa matinding sakit na naramdaman, pati dilim at mga kaluskos ay kinatakutan

b. Nag-isip maghiganti ngunit pinanghinaan ng loob
c. Sa pag-inom ng alak at pagpapabaya sa katawan humantong ang lahat
d. Nabugbog si Fak nang walang kalaban-laban
e. Nang dahil sa dami ng sakit na naramdaman pati kaanyuan niya'y kinatakutan
f. Hinusgahan ng kamatayan

Napagsunud-sunod mo ba ang mga pangyayari sa pamamagitan ng pagbubuod? Iwasto mo na ang iyong mga kasagutan. Hiramin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Ang teoryang pampanitikang binigyang-diin sa nobela na "Ang Paghuhukom" ay teoryang realismo. Tinutukoy nito ang realidad sa buhay ng tao.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Itala mo ang mga pangyayari sa akda na kinapapalooban ng realidad sa buhay. Titik lamang ang isulat.

5 ______________________________

4 ________________________________

3 _________________________________

2 __________________________________

1 ___________________________________

| Mga pangyayari sa akda na kinapapalooban ng realidad |
|---|

Mga Pagpipilian

a. Ang pambubugbog na tinanggap ni Fak ay di lang nag-iwan ng sakit ng katawan kundi nag-iwan ng tatak sa kanyang isipan.

b. Kontrolado ng takot ang buhay niya.

c. Upang malimutan ang mga pangyayari sa alak ito nagpakalango.

d. Naglubag ang kagustuhan niyang maghiganti at napawi na ng tuluyan

e. Naengganyo sa mga makabagong kasangkapan

f. Dahil sa alak, narehistro sa katawan ng lasenggo ang di-kaiga-igayang anyo at amoy.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Piliin mo ang nararapat iangkop sa pahayag. Titik lamang ang isulat.

"Anuman ang sama ng anyo ng isang tao ay di dapat gawing panakot sa mga batang matitigas ang ulo." Ang mga ito ay may damdamin din kaya dapat silang…

a. igalang
b. patawarin
c. iwasan
d. pagdudahan

Nakilala mo ba kaagad ang teoryang realismo?. Tingnan mo nga kung tamang lahat ang sagot mo . Itsek mo ito. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Isulat mo sa angkop na hanay ang sa palagay mo ay…


| KNOW<br>(Alam Mo) | INTERESTING<br>(Kawili-wili) | LEARNED<br>(Natutuhan Mo) |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

a. Nasa huli ang pagsisisi
b. Pagkakaloob ng maliit na bagay na ikinagalak ng tumanggap
c. Kasabikan sa mga makabagong kasangkapan
d. Ang pagpapabaya sa sarili ay walang ginhawang matatamo na tulad ni Fak
e. Na kapag marumi ang katawan madaling dapuan ng sakit
f. Pagkakaisa sa pagtatayo ng poste
g. Ang mga taong tamad ay pabigat sa lipunan tulad ni Fak
h. Masamang tinatakot ang bata
i. Ang katapatan ni Mai Somsong kay Fak ay wagas
j. Kailangang bumili ng makabagong gamit

Tiyak na marami ka ng alam, naging kawili-wili at natutuhan at nakapagpabago sa iyo. Tama ba lahat ang iyong sagot mo? Iwasto mo ito sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang tamang sagot na hinihingi sa Spider map. Isulat mo ang titik sa angkop na mga bilang.




Mga pagpipiliang sagot sa tanong:

a. Upang sagipin ang kanilang buhay
b. Para gumaan ang kanilang kalooban
c. Upang di magtangkang wakasan ang buhay
d. Para pagdating ng panahon, tumulong din sa iba
e. Upang magsilbing huwaran
f. Para habang panahon ay umasa sa tulong ng iba
g. Likas sa Pilipino ang gawang pagtulong

Kung naunawaan mo ang aralin, tiyak na tamang lahat ang iyong mga sagot. Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Nahirapan ka ba sa mga nauna mong gawain? Alam kong ginagawa mong lahat ang iyong makakaya para masagutan ang mga ito.

Ngayon naman ay susulat ka. Madali lamang ito. Tiyak na magugustuhan mo ang paksa. Handa ka na ba?

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Sumulat ka ng isang sitwasyong nagpapakita ng realidad sa buhay na ang pinagtutuunan ng pansin ay ang kahirapang mabuhay ng isang ulilang mag-aaral.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Tingnan mo kung tamang lahat ang mga sagot mo. Itsek mo muli ang iyong mga kasagutan.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) sa tabi ng bawat bilang na tumutugon sa mga matututuhan mo sa aralin.

_____1. magbigay-kahulugan sa matatalinghagang pahayag
_____ 2. magsuri sa nilalaman ng akda
_____ 3. pagbibigay ng buod ng binasang akda
_____ 4. pagtatala ng mga pangyayari sa akda na kinapapalooban ng realidad ng buhay
_____ 5. naibigan ko ang nobela
_____ 6. nabatid ang ukol sa teoryang realismo
_____ 7. di dapat tularan ang katamaran ni Fak
_____ 8. kawiwilihan ko'ng pagbabasa ng nobela
_____ 9. nakapagsuri ng mga pangyayari sa akda
_____ 10. naibigan ko ang dalawang pangunahing tauhan
_____ 11. pahalagahan ko'ng saloobin ng iba
_____ 12. may hustisya para sa lahat

Nadalian ka ba sa natapos mong gawain? Alam kong nakaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang mga kasagutan at iwasto mo ang iyong mga sagot.

Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong mga natutuhan sa araling tinalakay. Unawain mo itong mabuti. Kaya mo ito. Simulan mo na.

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang mga pangungusap. Piliin mo ang titik na may pinakaangkop na sagot.

1. Dahil sa naging kalagayan ni Fak, itinuring niyang mga <u>tinik sa lalamunan</u> ang mga bumugbog sa kanya. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:
   a. sagabal
   b. pasaway
   c. tiwaling mamamayan

d. tinik ng isda

2. Napakaalinsangan ng panahon kaya naman naliligo sa pawis si Fak dahilan din ito ng di niya paliligo nang matagal na panahon. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:
   a. pawis na pawis
   b. basa ng pawis
   c. naligo ng pawis
   d. pinapawisan
3. Nahawi sa labi ng mga kababayan ang karumal-dumal na krimen. Ang ibig ipakahulugan sa may salungguhit ay -
   a. nalimutan na
   b. ayaw pag-usapan
   c. di na pinag-usapan
   d. naalis sa labi

Susuriin mo ang nilalaman ng akda kaugnay ng mga tauhan. Kung ang tinutukoy ay Anyo, isulat ang titik A, G para sa Gawi at I para sa Iniisip.

4. Gusto ni Fak na maghiganti ngunit nag-aalala siya na di naman ito mabibigyan ng hustisya.

5. Mula nang magumon sa alak si Fak, kinatamaran na niya ang paliligo.

6. Pinabayaan ni Fak ang sarili kaya naman kapag may batang matigas ang ulo, siya ang ipinananakot.

7–9. Piliin mo ang mga pangyayaring hango sa binasang akda na kinapapalooban ng realidad sa buhay. Titik lang ang isulat.

a. Sa alak humiram ng panandaliang solusyon sa kasawian ang pangunahing tauhan
b. Kawalan ng katarungan para sa mahihirap
c. May hustisya ang mga naaapi
d. Marami ang nagkagusto sa kaginhawahang dulot ng makabagong kasangkapan
e. Sa wakas guminhawa rin ang pamumuhay

Piliin mo ang pinakaangkop na pagpapakahulugan sa pahayag. Titik lang ang isulat.

10. Di dapat mawalan ng pag-asa ang biktima, may hustisya pa rin sa bansa. Ang kahulugan ng may salungguhit ay:
   a. maraming batas
   b. may panalo sa kaso
   c. may katarungan para sa lahat
   d. walang maaapi

## *Paunlarin mo…*

Panuto: Bumuo ng angkop na slogan tungkol sa aralin na ang pangunahing diwa ay may kaugnayan sa paghuhukom.

Susi sa Pagwaw asto

Ang Paghuhukom
Isinalin ni Lualhati Bautista

ANO BA ANG ALAM MO?

1. A
2. D
3. C
4. A
5. B
6. B
7. A
8. B
9. D
10. D

ALAMIN MO

1. May piring/takip ang mga mata ng babae.
2. Para maging patas ang paghuhusga o pagbibigay-katarungan
3. Patas na paghuhusga
4. may piring ang mata ng babae upang ang paghuhukom ay patas.

LINANGIN MO

a. Pagsusuring Panlingguwistika
    1. b
    2. d
    3. c

b. Pagsusuring Pangnilalaman

A

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Fak | C | C | A | C |
| 2. Mai Somsong | A | A | B | A |

1. D

2. B
3. A
4. C
5. E

Pagsusuring Pampanitikan

1. A
2. D
3. B
4. C
5. F

Halagang Pangkatauhan

1. A

Palalimin Mo…

| Know<br>(Alam) | Interesting<br>(Kawili-wili) | Learned<br>(Natutuhan) |
|---|---|---|
| A | C | D |
| E | F | G |
| H | B | I |

Gamitin Mo…

1. A
2. B
3. C
4. D
5. E
6. G

Sulatin Mo

Sitwasyong nagpapakita ng realidad sa buhay na pinagtutuunan ng pansin ay ang kahirapang mabuhay ng isang ulilang mag-aaral.

Gaano Ka Na Kahusay?

1. A
2. A

3. C
4. I
5. G
6. A
7. A
8. B
9. D
10. C

Paunlarin Mo…
Islogan tungkol sa aralin na ang pangunahing diwa ay may kaugnayan sa paghuhukom.

Islogan:
Paksa: Paghuhukom